10

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS

(USLeM)

# FILIPINO

## Ikatlong Markahan – Modyul 4

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


**Manunulat:** Marites M. Salafrania
**Tagalapat:** Marites M. Salafrania
**Tagasuri ng Nilalaman:** Aileen L. Francisco
**Tagasuri ng Wika:** Gina B. Valdez
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director – NCR
Alejandro G. Ibañez, CESO VI, OIC- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Loida O. Balasa, CID Chief SDO Navotas City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino – NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Rico C. Tarectecan, EPS Filipino SDO Navotas City
Grace R. Nieves, LR EPS SDO Navotas City
Nancy C. Mabunga, Librarian – NCR
Vergel Junior C. Eusebio, PDO II LRMS
Shirley Eva Marie V. Mangaluz, Librarian II LRMS



**Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili**

# HELE NG INA SA KANIYANG PANGANAY
# TULA MULA SA UGANDA

## INAASAHAN

Sa pagtatapos ng pag-aaral sa SLeM na ito ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nasusuri ang kasiningan at bisa ng tula batay sa napakinggan (F10PN-IIIc-78)
2. Nabibigyang-kahulugan ang iba't ibang simbolismo at matatalinghagang pahayag sa tula (F10PB-IIIc-82)

## UNANG PAGSUBOK

### GAWAIN A

**Panuto**: Isulat sa patlang ang letrang T kung tama ang pahayag at M kung mali ang isinasaad nito.

_____1. Ang tulang "Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay" ay kinapalolooban ng mga kaugalian at kultura ng mga taga-Uganda.

_____2. Ang taludturan na "Magiging kamay ito ng mandirigma,aking anak" at "Kapag ika'y itinanghal na gererong marangal" ay kapwa nagpapatunay ng pangarap ng ama sa kaniyang anak.

_____3. "Hindi ka rin ipapangalan sa iyong amang si Nawal sapagkat ika'y panganay."Ang taludtod na ito ay nagpapahiwatig ng kapayapaan sa Uganda.

_____4. Ang leopardong tumatanaw ay ginamit na simbolismo sa tula.

_____5. "Ngayon, ako'y ganap na asawa, "Hindi na isang isang nobya, kundi isang ina. Ang mga berso na ito ng tula ay maaaring bigyang-kahulugan ng unang karanasan sa pagiging isang ina.

## GAWAIN B

**Panuto**: Suriin ang sining at bisa ng tulang "Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay" batay sa tsart na nasa ibaba. Kopyahin ang tsart at sagutan sa sagutang papel.

| Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay | | |
|---|---|---|
| Bahagi ng Tula (May Simbolismo at Talinghaga)<br>1.Nagbabalak nang humawak ng panulag na matalim. Aking giliw, ngalan ng mandirigma sa'yo ilalaan,at mamumuno sa kalalakihan. | Kahulugan | Bisang Pangkaisipan/Bisang Pandamdamin |
| 2.Samakatuwid, ako'y kapilas ng buhay. Samakatuwid, ako'y nagtamasa ng dangal. | | |
| 3.Yaman ni Zeus at Aphrodite sa iyo'y kanilang inalay. | | |
| 4.Ay hindi ba palatandaan na ika'y maingat nilang pinanday? | | |
| 5.Aking giliw, ngalan ng mandirigma sa'yo ilalaan, at mamumuno sa kalalakihan. | | |

### RUBRIK SA PAGMAMARKA

| Pamantayan | Napakahusay<br>5 puntos | Katamtamang Husay<br>3 puntos | Magsanay Pa<br>1 punto/s |
|---|---|---|---|
| Nabigyang-kahulugan ang simbolo | Nabigyang- kahulugan ang simbolo nang malinaw | Nabigyang- kahulugan ang simbolo ngunit kulang ng kalinawan | Walang nabigyang-kahulugan na simbolo |
| Nabigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag | Nabigyang- kahulugan ang matatalinghagang pahayag nang malinaw | Nabigyang- kahulugan ang matatalinghagang pahayag ngunit kulang ng kalinawan | Walang nabigyang-kahulugan na matatalinghagang pahayag |
| Nailahad ang bisang pangkaisipan at pandamdamin | Nailahad ang bisang pangkaisipan at pandamdamin nang malinaw | Nailahad ang bisang pangkaisipan at pandamdamin ngunit kulang ng kalinawan | Walang nailahad na bisang pangkaisipan at pandamdamin |

# BALIK-TANAW

**Panuto**: Piliin ang mga salitang may kaugnayan sa anekdotang "Mullah Nassreddin". Pagkatapos, bumuo ng pangungusap na naglalahad ng mahahalagang pangyayari gamit ang mga salitang napili. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| MULLAH | UNANG SAGOT | NAGULUHAN |
| TANONG NI MULLAH | IKALAWANG SAGOT | MAPAGBIRO |
| MANUNULAT | IKATLONG SAGOT | NAIMBITAHAN |

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Ang pagmamahal ng isang ina ay unibersal. Di batayan ang kulay ng balat at lahing pinagmulan.Tunay ngang walang makapapantay sa kadakilaan ng isang inang ang tanging hangad ay ang magandang kinabukasan ng kanyang anak. Ito ang tinatalakay ng tula ng isang inang mula sa Uganda, ang "Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay". Basahin at unawain ang tula nang matuklasan ang mga kaugalian at kultura ng bansang pinagmulan. Ganoon din ay matutuhan ang kahalagahan ng simbolismo at matatalinghagang pananalita sa kasiningan ng pagbuo ng mga taludturan ng tula.

**Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay**
**A Song of a Mother to Her Firstborn salin sa Ingles ni Jack H. Driberg**
**Isinalin sa Filipino ni Mary Grace A. Tabora**

Mangusap ka, aking sanggol na sinisinta.
Mangusap ka sa iyong namimilog at nagniningning na mga mata,
Wangis ng mata ng bisirong-toro ni Lupeyo.

Mangusap ka, aking musmos na supling.
Ang iyong mga kamay na humahaplos sa akin.
Na puno ng tibay at tatag bagaman yari'y munsik.
Magiging kamay ito ng mandirigma, aking anak.
Kamay na magpapasaya sa iyong ama.
Tingnan mo't nananabik na ako'y sapulin:
Nagbabalak nang humawak ng panulag na matalim.
Aking giliw, ngalan ng mandirigma sa'yo ilalaan,
at mamumuno sa kalalakihan.
At ika'y hahalikan sa yapak ng mga kaapo-apohan,
Kahit pa malaon nang naparam sa sanlibutan.
Ngunit lagi kong maaalala ang pagkapit mo sa akin,
Maging ang paghimlay mo sa aking dibdib,
At ang pagsulyap-sulyap sa akin.
Kapag ika'y itinanghal na gererong marangal,
Ako'y malulunod sa luha ng paggunita.
Munting mandirigma, paano ka namin pangangalanan?
Masdan ang pagbubuskala sa pagkakakilanlan.
Hindi hamak na ngalan sa iyo'y ibibigay,
Hindi ka rin ipapangangalan sa iyong amang si Nawal sapagkat ika'y panganay.

Higit kang pagpapalain ng poon at ang iyong kawan.
Ikaw ba'y tatawaging "Hibang" o "Kapusugan?"
Ikaw ba'y tatawaging waring dumi ng baka na "anak ng kamalasan?"
Ang poo'y di marapat na pagnakawan,
Sa iyo'y wala silang masamang pinapagimpan.
Ika'y kanilang pinaliguan at dinamitan ng kagandahan.
Ika'y biniyayaan ng mga matang naglalagablab.
At ang pambihirang pangungunot ng iyong kilay
Ay hindi ba palatandaan na ika'y maingat nilang pinanday?
Yaman ni Zeus at Aphrodite sa iyo'y kanilang inalay.
At ang katalinuhang nangungusap sa iyong mga mata
Maging sa iyong halakhak.
Paano ka pangangalanan, aking inakay?
Ikaw ba'y lahi na iyong lahi o naiibang nilalang?

Munting mandirigma, sinong anito sa iyo'y nananahan?
Kaninong mapagpalang kamay ang sa aking dibdib dumadantay?
Sinong yumuyungyong sa iyo't nagpapasigla ng buhay?
Ikaw ba'y kanlong ng kapayapaan?
Ngunit ika'y tila leopardong nasa palumpong at tumatanaw.
Hayaan, sa araw na yao'y iyong ibubuyangyang.
Aking supling, ngayon ako'y nasa kaluwalhatian.
Ngayon, ako'y ganap na asawa.
Hindi na isang nobya, kundi isang ina.
Maging maringal, aking supling na ninanasa.
Maging mapagmalaki kaparis ng aking pagmamalaki.
Ika'y magbunyi kaparis ng aking pagbubunyi.
Ika'y irugin kaparis ng pagliyag na aking nadarama.
Anak, na ibinunga ng pag-ibig ng matipunong kabiyak.
Sa wakas, ako'y kahati ng kaniyang puso, ina ng kaniyang unang anak.
Ang kaniyang kaluluwa'y ligtas sa iyong pag-iingat,
Aking supling, ako, ako na sadyang sa iyo'y humulma.

Samakatuwid, ako'y minahal.
Samakatuwid, ako'y lumigaya.
Samakatuwid, ako'y kapilas ng buhay.
Samakatuwid, ako'y nagtamasa ng dangal.

Iingatan mo ang kaniyang libingan kung siya'y nahimlay.
Tuwinang gugunitain yaring kaniyang palayaw.

| |
|---|
| Aking supling, mananatili siya sa iyong panambitan,<br>Walang wakas sa kaniya'y daratal mula sa pagsibol ng 'yong kabataan.<br>Ikaw ang kaniyang kalasag at sibat, pag-asa't kaligtasan sa hukay.<br>Sa iyo, siya'y muling mabubuhay tulad ng sawi sa kalupaan.<br>At ako ang ina ng kaniyang panganay.<br>Ika'y mahimbing, supling ng leon, nyongeza't nyumba.<br>Ika'y mahimbing,<br>Ako'y wala nang mahihiling. |

## Gawain A

**Panuto**: Suriin ang mga simbolismo at talinghagang nakapaloob sa tula. Tukuyin sa sumusunod na mga taludturan ang kahulugan, bisang pangkaisipan, at pandamdamin. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Mga Taludturan | Kahulugan | Bisang Pangkaisipan/Pandamdamin |
|---|---|---|
| 1. Kapag ika'y itinanghal na gererong marangal,<br>Ako'y malulunod sa luha ng paggunita. | | |
| 2. Ika'y kanilang pinaliguan at dinamitan ng kagandahan.<br>Ika'y biniyayaan ng mga matang naglalagablab. | | |
| 3. Ay hindi ba palatandaan na ika'y maingat nilang pinanday?<br>Yaman ni Zeus at Aphrodite sa iyo'y kanilang inalay. | | |
| 4. Ngunit ika'y tila leopardong nasa palumpong at tumatanaw.<br>Hayaan, sa araw na yao'y iyong ibubuyangyang. | | |
| 5. Samakatuwid, ako'y kapilas ng buhay.<br>Samakatuwid, ako'y nagtamasa ng dangal. | | |

**RUBRIK SA PAGMAMARKA**

| Pamantayan | Napakahusay 5 puntos | Katamtamang Husay 3 puntos | Magsanay Pa 1 punto/s |
|---|---|---|---|
| Nabigyang-kahulugan ang simbolo | Nabigyang-kahulugan ang simbolo nang malinaw | Nabigyang-kahulugan ang simbolo ngunit kulang ng kalinawan | Walang nabigyang-kahulugan na simbolo |
| Nabigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag | Nabigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag nang malinaw | Nabigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag ngunit kulang ng kalinawan | Walang nabigyang-kahulugan na matatalinghagang pahayag |
| Nailahad ang bisang pangkaisipan at pandamdamin | Nailahad ang bisang pangkaisipan at pandamdamin nang malinaw | Nailahad ang bisang pangkaisipan at pandamdamin ngunit kulang ng kalinawan | Walang nailahad na bisang pangkaisipan at pandamdamin |

## Gawain B

**Panuto:** Sumulat ng isang bukas na liham na nagpapahayag ng pagpapahalaga at pagmamahal sa inyong ina. Maaaring humingi ng kapatawaran o magbigay ng pasasalamat na hindi masabi nang harapan. Ang liham ay bubuuin nang hindi bababa sa tatlo at hindi lalagpas sa limang talata.

# TANDAAN

Ang tulang ating pinag-aralan na "Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay" ay tulang nasa uring malayang taludturan na nagmula sa Uganda. Napatunayan ng tula ang kadakilaan ng isang inang nangangarap ng magandang kinabukasan ng anak. Masasalamin din sa tula ang mga kaugalian at kultura ng bansang pinagmulan. Napatunayang ang tula ay isang masining na paraan ng pagpapahayag ng damdamin at kaalaman. Binigyang-diin sa SLeM na ito ang kahalagahan ng simbolismo at talinghaga upang higit na maging masining ang tula. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng tulang nagmula sa ibang bansa, natamo ang bisang pangkaisipan at pandamdaming may kaugnayan sa tamang pagdakila, pagmamahal, at pagpapahalaga sa ating mga ina.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUNAN

**Panuto**: Lumikha ng isang saknong na tula na binubuo ng apat na taludtod, ginagamitan ng simbolismo at talinghagang sumasagot sa tanong na nasa loob ng kahon.

> Bilang isang anak, paano mo maipararamdam ang masidhing pagmamahal sa iyong ina? Magbigay ng tiyak na patunay ng pagpapadama nito.

**RUBRIK SA PAGBUO NG SAKNONG**

| Pamantayan | Napakahusay 5 puntos | Katamtamang Husay 3 puntos | Magsanay Pa 1 punto/s |
|---|---|---|---|
| Simbolismo at Matatalinghagang Pahayag | Nagamit ang simbolo at talinghaga nang naaangkop | Nagamit ang simbolo at talinghaga ngunit di naaangkop | Walang nagamit na simbolo at talinghaga |
| Maayos at malinaw na konsepto | Naglahad ng kalinawan ng kaisipan, konsepto at diwa kaugnay ng paksa | Naglahad ng ilang kalinawan ng kaisipan, konsepto at diwa ngunit di kaugnay ng paksa | Walang nailahad na kalinawan ng kaisipan, konsepto at diwa na kaugnay ng paksa |
| Pagpapahayag ng damdamin | Nagpahayag ng masidhing damdamin | Nagpahayag ng damdamin ngunit may kakulangan ng kasidhian | Hindi nagpahayag ng masidhing damdamin |

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**GAWAIN A**

**Panuto:** Punan ng tamang salita ang mga patlang upang mabuo ang diwa ng sumusunod na mga pahayag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang leopardong tumatanaw ay ginamit na __________ sa tula.

2. Ang taludturan na "Magiging kamay ito ng mandirigma, aking anak" at "Kapag ika'y itinanghal na gererong marangal" ay kapwa nagpapatunay ng __________ ng ina sa kaniyang anak.
3. Ngayon, ako'y ganap ng asawa,"Hindi na isang isang nobya,kundi isang ina. Ang mga berso na ito ng tula ay maaaring bigyang-kahulugan na __________ karanasan ng pagiging isang ina.
4. Ang tulang "Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay" ay kinapalolooban ng mga kaugalian at __________ ng mga taga-Uganda.
5. "Hindi ka rin ipapangalan sa iyong amang si Nawal sapagkat ika'y panganay". Ang taludtod na ito ay nagpapahiwatig ng __________ sa Uganda.

**GAWAIN B**

**Panuto**: Suriin ang sining at bisa ng tulang "Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay batay sa tsart na nasa ibaba. Kopyahin ang tsart at sagutan sa sagutang papel.

| Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay | | |
|---|---|---|
| Bahagi ng Tula (May Simbolismo at Talinghaga) | Kahulugan | Bisang Pangkaisipan/Bisang Pandamdamin |
| 1.Samakatuwid, ako'y kapilas ng buhay.<br><br>Samakatuwid, ako'y nagtamasa ng dangal. | | |
| 2.Yaman ni Zeus at Aphrodite sa iyo'y kanilang inalay. | | |
| 3.Kapag ika'y itinanghal na gererong marangal,<br><br>Ako'y malulunod sa luha ng paggunita. | | |

## SANGGUNIAN

Ambat, Vilma C. and others, *Filipino 10 Panitikang Pandaigdig Modyul para sa Mag-aaral.* Quezon City:Vibal Group,Inc.,2015).279-282.

Ambat, Vilma C. and others, *Filipino 10 Panitikang Pandaigdig Patnubay ng Guro* (Quezon City:Vibal Group,Inc.,2015).110-113

Ville, War. (2015). *Filipino 10. Hele ng Ina sa Kaniyang Panganay.* .http://filipino1niwarville.blogspot.com/2015/08/hele-ng-ina-sa-kaniyang panganay.html. Retrieved 1/4/2021.

## SUSI SA PAGWAWASTO

| Pangwakas na Pagsusulit | Unang Pagsubok |
|---|---|
| A.<br>1. simbolo/simbolismo<br>2. pangarap<br>3. unang<br>4. kultura/tradisyon<br>5. kaugalian<br>B. Sariling sagot ng mga mag-aaral | A.<br>1. T<br>2. T<br>3. M<br>4. T<br>5. T<br>B. Sariling sagot ng mga mag-aaral |